

1

Pingkian ng mga baso at huntahan ng mga bisita ang maririnig sa loob ng mansion ng pamilya Madrid. Kasalukuyang ipinagdiriwang ang ikalimampu't pitong kaarawan ni Marcelo Madrid, kilalang multi-billionaire businessman. Maraming bisita ang dumalo ngunit karamihan sa mga ito ay mga kasama sa negosyo, mga investors, kliyente at malalapit na kaibigan. Ilang saglit pa ay tumigil ang tugtugan, hudyat na magsasalita na ang may kaarawan.

Nakatayo ang celebrant sa gitna ng stage na nasa sentro ng loobang iyon. The man in dark gray suit was the epitome of every woman's fantasy. Kita pa rin sa hitsura nito ang kaguwapuhang kinaiinggitan ng kalalakihan at pinapantasya ng kababaihan noong kabataan pa nito. At kahit hanggang ngayon, dahil hindi pa rin kumukupas ang gandang lalaki ni Marcelo.

Kinuha nito ang atensyon ng lahat. "Good evening to everyone. Maraming salamat sa pagdalo ninyo sa aking twenty-first birthday," the man in calm restraint quipped. Nagtawanan ang mga bisita. "Hindi lang kaarawan ko ang isiniselebra natin ngayon. I

also have two big announcements.” Tumingin ito sa paligid bago nagpatuloy, “First, I will be retiring soon. Baka sa susunod na araw ay ang anak kong si Hendrick na ang mamamahala sa mga negosyo namin.” Lumingon ang matanda sa dulong bahagi ng stage kung nasaan ang uniko hijo nito. “Well, hindi na tayo bumabata. Malalaman ng kahit sino na papalapit ako kahit siguro nakapikit sila. I can’t blame them. I, myself, can hear my knees creaking.”

Nagtawanan ang lahat sa pagbibiro ng lalaki.

“My wife and I are planning to have our honeymoon... again,” pambibitin nito sa sasabihin. Tawanan. “I’d like to have quality time with the woman I married. I have been so busy these past years managing our businesses that I barely have time for her. This time, I’d like to give her all my attention,” anito bago tinitigan nang buong pagmamahal ang kabiyak na nasa tabi lang nito. “And my second announcement is... my one and only child, Hendrick Madrid, will soon be getting married to his beautiful girlfriend, Kim Serene Dela Vega.”

Nagpalakpakan ang mga bisita. Tumingin ang lahat sa gawi ng tinukoy na anak. “Asahan ninyong imbitado kayong lahat sa kasal ng aking anak. Sana lang maayos agad ang lahat ng detalye ng kasal nila

para ang pagkakaroon naman namin ng apo ang intindihin nila.” Lalo pang lumakas ang tawanan ng mga panauhin. “The night is young. Enjoy the party, everyone.”

The man left the stage. Sinalubong ito ng ilang kaibigan nito. Sumunod ang kaisa-isa nitong anak na lalaki, si Hendrick.

“Papa.” He gave the old man a hug and a tap on the shoulder.

“Hijo! I’m glad you made it. Akala ko ay hindi ka na naman darating,” sabi nito, kita ang kasiyahan sa mga mata.

“Well, I wouldn’t miss this for the world.” Tumawa siya nang mahina. “Minsan ka lang mag-celebrate ng fifty-seventh birthday mo, Papa. And I’d like to talk to you about business and that rather surprising announcement of yours,” tukoy niya sa sinabi nito tungkol sa kasal nila ng nobya. Ang totoo ay wala pa silang napag-uusapan tungkol doon. Well, meron na, pero hindi pa ganoon kaseryoso.

“We can do that later, Hijo. Marami pa akong kakausapin. ‘Andito ang Ninong Paul mo. I’ll talk to him first,” the old man informed him.

“Okay. By the way, Serene’s here,” tukoy niya sa

nobyas.

“Oh, really? Where is she? Akala ko ba hindi siya makakapunta? I thought she was in Paris?” tanong nito.

“She was. Sinundo ko siya kanina sa airport. Akala niya hindi siya makakahabol but she did. Kausap lang siya ng mga pinsan ko,” sagot niya bago umikot ang paningin sa paligid para hanapin ang babae.

“That’s good. I’ll see you both later. Gusto ko ring makausap ang mamanugangin ko,” tukso ng matanda sa kanya bago siya iniwan para harapin ang mga bisita nito.

Napailing na lamang si Hendrick sa panunukso ng ama. Plano niyang hanapin si Serene nang lapitan siya ng isang lalaki. Nagulat siya nang makita ito.

“Hey, Pare,” bati sa kanya nito.

“Mick Santana,” sabi niya bago kinamayan ang kaibigan.

Mick Santana was a childhood friend. Nasa grade school pa lang ay magkaibigan na sila. Matalik na magkaibigan din ang mga magulang nila, lalo pa’t sa iisang subdivision lang din sa Quezon City ang tirahan

nila pareho. Pero nagkahiwalay sila ng landas nito dahil sa trahedyang nangyari matapos ang graduation nila. Namatay ang ama ni Mick sa isang car accident at dahil doon ay nilisan nito at ng ina ang Pilipinas at nagpasyang sa ibang bansa na hilumin ang sugat na nilikha ng pagkawala ng ama nito.

“Kumusta, Pare?”

“Binata pa din.” The man gladly shook his hand.

“Ang tagal mong nawala, ah. Saan ka ba nagsusuot at ngayon lang ulit kita nakita?” tanong niya na may malawak na ngiti sa labi.

“Kadarating ko lang mula sa Australia. Doon na kami nanirahan ni Mama noong nawala si Papa,” sagot nito.

“Yeah. Nabalitaan ko nga iyan. Condolences, Pare,” he said sincerely. “I was not around when that tragedy happened.”

“No worries. Salamat pa rin. So, kumusta ka naman? Married?” Tumawa ito.

Natawa siya nang mahina. “Not yet.”

“So, no one has tamed the lion yet, eh?”

“Sa maniwala ka o sa hindi, meron na,” aniya

bago tumingin dito.

“Then why aren’t you married yet? Don’t tell me hindi ka pa handa?” takang tanong nito.

“Handang-handa na ako, Pare. Napag-usapan na namin ni Serene ang tungkol diyan. Hindi pa siya handa. With her growing career and all,” anas niya bago nagkibit-balikat.

“What? Wow! I’d like to meet this girl, Pare! Talagang napatiklop ka niya, ha. Knowing you, hindi ka tumatanggap ng ‘hindi’ na sagot. Pero ngayon... I really can’t believe it,” tatawa-tawa nitong saad.

“Huwag kang tatawa nang ganyan, Bro. Bukas makalawa, baka tamaan ka din ng kidlat.” Muling umikot ang mga mata niya. “Hey, there she is,” turo niya sa nobya.

“Where? The woman in black dress? Are you sure?” Namilog pa ang mga mata nito.

“Yes,” may pagmamalaki sa boses na sagot niya.

“Really? Akala ko boyfriend niya iyong lalaking kasayaw niya.”

“What? No. That’s Clint. Kaibigan ko siya. Well, kaibigan namin ni Serene.”

“Ganoon ba? I’m sorry. Kung titingnan mo kasi, uh, I mean the way he is holding her—”

“Bro, magkaibigan lang sila at ako ang nobyo ni Serene. Saka ganyan talaga si Clint sa lahat,” aniya habang pinapanood ang dalawang taong kasama ng ilan ding bisita na sumasayaw sa gitna ng dance floor.

The man sighed before speaking. “Pare, don’t get me wrong but I have a sister too and I don’t hold her that way. Anyway, huwag mo na lang pansinin ang sinabi ko. Baka nga mali ako ng hinala. Well, it’s nice seeing you again, Pare. Iyon pa rin ba ang mobile number mo?” Tango lang ang sagot niya rito. “I’ll keep in touch. Mag-iikot muna ako. Nakita ko iyong ibang barkada natin doon. See you around.” Tinalikuran na siya nito.

Hindi na niya pinansin ang pag-alis ni Mick dahil sa iba nakatuon ang atensyon niya. Hindi muna siya umalis sa kinatatayuan. Pinanood niya ang nobya at ang kaibigan habang nagsasayaw. Clint had both his hands on Serene’s waist while her hands were flattened on his chest. Malawak ang pagkakangiti ng babae, mukhang tuwang-tuwa sa ikinukuwento ng kasayaw. Para bang may isang malaking birong pinagtatawanan ang dalawa.

Kung hindi niya siguro narinig ang sinabi ng

kababata, baka hindi siya magbigay ng malisya. Pero ngayon, hindi niya mapigilan ang hinala na umuusbong sa utak.

Parang naririnig pa niya ang sinabi ng kausap kanina tungkol sa kapatid nitong babae. Ipinilig niya ang ulo para palisin ang hindi magandang naiisip. Bakit ba siya nagpapadala sa iniisip niya?

But damn it! He walked toward the direction of the two. Hindi niya napigil ang paninibugho na umapaw sa kamalayan.

“May I have a dance with my girlfriend?” he asked silently. May pag-angkin ding nakalakip sa tanong na iyon.

“Sure, Bro,” sabi ni Clint bago binigay sa kanya ang kamay ng kasayaw.

Hinapit niya ang nobya. He put her hands around his neck and his hands wrapped possessively around her waist.

“Hey, what was that?” takang tanong nito habang nakataas ang isang kilay.

“What?” balik niya.

“C’mon, alam mo kung ano’ng sinasabi ko. You came here and used that dangerous tone on Clint,”

anas nito.

“I just wanted to tell him that I want to dance with you,” seryoso niyang sagot.

“It sounded more like ‘back off or I’ll kick your ass’ to me. Bakit ginawa mo iyon? He knew what just happened, Hendrick. Kaibigan mo iyon. Don’t tell me, nagseselos ka sa kanya?” Tila gulat na gulat ito.

Hindi siya sumagot dahil hindi niya maamin ditong totoo ang sinabi nito.

“I can’t believe this,” patuloy ng nobya, may naglalarong ngiti sa mapupulang labi nito.

“You can’t blame me. You danced like you two were the only people here. Sino ang hindi magseselos doon?” giit niya.

“Wala kaming ginagawang masama, Hendrick. We were dancing. That’s all.” Inirapan siya nito.

“Kaibigan ko si Clint, pero hindi ko naman papayagan na gaguhin niya ako. I saw how he held you and I can say that he has feelings for you, too,” pigil ang galit na sagot niya.

“Oh, really? So, manghuhula ka na din ngayon?” She frowned. Sinubukan nitong kumawala sa kanya. She tried to pull from him. Pagigil niya itong hinila

sa kamay.

“Sinasabi ko lang ang nakikita ko. And I can tell that you like him too. Gustong-gusto mo naman ang atensyong binibigay niya sa 'yo.” His frown deepened as he continued to stare at her. Nanggigigil na hinila niya ito sa braso papunta sa madilim na bahagi ng likod-bahay.

Pumalag ang babae. “Mali nga ang nakita mo!” Inis na rin itong sumagot. “Kung anu-ano'ng napapansin mo. Clint was just giving me the attention that you failed to give. Abala ka sa ibang bagay kanina. And thanks to him because he didn't leave me alone like you did.” She looked at him with annoyance. Nagmartsa ito patungo sa likod-bahay at humalukipkip pagkarating doon.

“Hindi lingid sa kaalaman ko na may gusto sa 'yo si Clint—”

“Bakit ba ang kulit mo? Walang basehan iyang paratang mo kaya p'wede ba? Let's stop this nonsense, Hendrick. We were just dancing. Iyon lang iyon. Why won't you believe me?” she asked firmly.

“How? How can I believe you when you were flirting with him too?” akusa niya.

Biglang umigkas isang kamay nito at lumagapak

iyon sa pisngi niya.

“I... I’m sorry. Hindi ko sinasadya,” she mumbled apologetically.

“You witch!” Sinambitla niya ang baywang nito at pagigil na sinabunutan ng isang kamay ang mahaba nitong buhok. Nagpupuyos sa inis, galit at selos ang kalooban niya. Hindi siya mapamintang na tao at lalong hindi siya madaling magalit pero pagdating kay Serene, nawawala lahat ng kontrol niya. She had always brought out the best and the worst in him.

“H-Hendrick, ano ba!” napapangiwi nitong tugon. Akma niya itong hahalikan nang iiwas nito ang bibig mula sa mga labi niya.

“So, ayaw mo nang magpahalik sa akin ngayon? Bakit, Baby, mas masarap bang humalik sa akin ang Clint na iyon?” he asked gruffly. Alam niyang wala nang basehan ang mga sinasabi niya rito, pero hindi niya mapigil ang sarili. Hinigpitan niya ang pagkakasabunot sa buhok nito. Hindi nakaiwas sa pasiil niyang halik ang nobya. Mariing itinikom na lamang nito ang mga labi para marahil iparating sa kanya ang pagtutol.

“Now, who’s the better kisser, Baby?” tuya niya.

Ilang segundo itong tumingin lang nang derecho

sa mga mata niya bago ito nag-iwas ng tingin. He saw her bit her lower lip to prevent the sob from getting out of her throat.

“Ganyan ba talaga ang tingin mo sa akin? Na papatol ako sa kaibigan mo? Na magagawa kitang lokohin?” punong-puno ng hinanakit na tanong nito.

“Don’t use those tears and that tone with me, Serene. Walang magagawa iyan. Bakit hindi mo na lang aminin, ha?” Hinawakan niya ito sa magkabilang balikat bago pagigil na inalog.

“Know what? I’m done...” sumusuko nitong saad. “Nakakapagod na iyang kakaselos mo. Lagi mo na lang akong pinaghihinalaan. And now, pati walang kamalay-malay na tao ay gusto mo din akusahan. What’s happening to you, Hendrick? Mapatingin lang ako nang hindi sinasadya sa ibang lalaki, matanda o bata, nagseselos ka na. Napaka-demanding mo pa. Gusto mo lahat ng gusto mo ang masunod!” Halos pasigaw na ang pagkakasabi nito sa mga salitang iyon. Buti na lang at medyo malayo sila sa kinaroroonan ng mga bisita.

“Ah, gan’un? Bakit, sa tingin mo ba hindi din ako napapagod sa ginagawa mo? Selosa ka din naman, ah, nagger pa. Pareho lang tayo, Serene! Kaya huwag mong isisi sa akin ang lahat. Kulang na nga lang talian

mo ako sa leeg para mahila-hila mo ako saan mo man gustuhin! Mas nakakasawa na ang ginagawa mo!”

“Then why don’t we end this damned relationship kung nagsasawa ka na pala? Tatal naman never kang naniwala sa akin. And if I know, baka matagal mo na talagang gustong makipaghiwalay sa akin kaya ka umaakto nang ganyan. You really don’t trust me, do you?”

“At paano mo aasahang pagkatiwalaan kita kung—”

“Then let’s call it quits. It’s over! We are done! Tapos na tayo. Wala nang patutunguhan ang relasyong ito na ang pundasyon naman ay selos at kawalan ng tiwala! At lalong walang kasal na mangyayari gaya ng sinabi ng papa mo!”

Nagtagis ang mga bagang niya. Lalo pang humigpit ang pagkakapisil niya sa mga balikat nito. Sigurado siyang mag-iiwan iyon ng marka sa makinis at maputi nitong balat.

“Oh, thank you for reminding me, Baby,” he scorned. “You are right. Tapusin na natin ito! Ayaw ko na ring matali sa isang babaeng katulad mo!” He said the words already before he could stop himself.

Kapagkuwa’y wala nang nagsalita sa kanila.

Back To You - Anya Madrid

Pareho silang napamaang sa mga salitang nabitawan na nila. Naumid ang dila niya. Nakatingin lang siya nang derecho sa mga mata nitong mapupungay, inaarok kung seryoso ito sa sinabi. Gusto niyang bawiin ang mga nasabi pero pinigil siya ng pride niya.

Not this time, Hendrick! aniya sa sarili. Tumalikod na lamang siya at nagmamadaling pumasok sa malaking bahay.

2

“Damn!” mura ni Hendrick sa hangin. Totoo bang nangyari iyon? Wala na sila ng nobya? Naihilamos niya ang dalawang kamay sa mukha. Pinairal na naman niya ang pride at pagiging arogante. *Now what?* tanong ng isip niya. *This can't be happening! I love her.* Tumalikod siya at akmang babalikan ang babae sa pinag-iwanan niya rito nang makasalubong niya ang ama.

“Hijo, there you are. Nas'an na si Serene?” tanong nito.

“She's talking with a friend, Papa.” Hindi na niya sinabi rito ang argumentong nangyari kanina lang.

“You go and look for her. Saka kayo sumunod sa akin sa study room. 'Andoon na ang mama n'yo. We'd like to talk to you both,” sabi nito.

Kumunot ang noo niya. “What is it, Pa? May problema ba?”

“Nothing. We just want to talk to the both of you. Aalis kami ng mama mo sa makalawa at baka magtagal kami sa America. We might stay there for months. Nami-miss na ng mama mo ang kapatid niya

doon kaya baka magtagal kami,” paliwanag nito. “Gusto ko lang kayong makakuwentuhan. Alam ko kung gaano kayo ka-busy ng nobya mo lalong-lalo na si Serene.”

Tumikhim muna siya bago tumugon. “I’ll look for her and we’ll see you in a moment.” Tumalikod na siya at tinungo ang daan pabalik sa likod-bahay.

Nakita niya ang babae na nakatayo sa mas madilim na bahagi ng likod-bahay. “Serene,” bulong niya. Tumigil siya nang ilang dipa lang ang layo rito.

He saw her back stiffened when she heard him. Nahulaan din niyang kagagaling lang nito sa pag-iyak.

“What? Hindi ka pa ba tapos paratangan ako?”

Ilang segundo muna ang pinadaan niya bago siya muling nagsalita. “I... I’m sorry about earlier. I was a brute. Hindi ko sinasadya. I didn’t mean everything that I said. Alam kong wala akong basehan sa mga bintang ko. I... I was just blinded by jealousy. Hindi ko alam kung ano ang pumasok sa akin kanina at nasabi ko iyon. I’m sorry,” hinging-paumanhin niya.

Hindi tuminag ang babae. Nanatili itong nakatalikod sa kanya.

“Serene, please. Talk to me,” samo niya.

Humarap ito sa kanya. “I am sorry too. Nabigla lang ako sa nasabi ko kanina. I’m really sorry,” anas nito. Yumakap ito sa kanya at nagpatuloy sa pag-iyak.

“Tahan na. Huwag ka nang umiyak. I love you, Baby. I’m really sorry.” Gumanti siya ng yakap dito. He whispered words of love. “Am I forgiven?”

“No. Bakit naman kita patatawarin kung wala ka namang ginawang masama? I love you. Huwag na tayong mag-aaway, Sweetheart. Ayaw ko na nag-aaway tayo.”

“Hindi na. I promise you that,” he said before cupping her face with his hands and kissed her sweetly. “By the way, Papa wants to see us. Gusto daw niya tayong makakuwentuhan kahit saglit bago sila umalis sa makalawa. He’s afraid he’ll have no time after this party. Kaya siguro sasamantalahin na niya ang gabing ito,” paliwanag niya.

“I understand.” Sumilay ang matamis na ngiti sa labi nitong mapupula. Pinunasan niya ang ilang bakas ng luhang nasa pisngi nito.

“Nasa study room sila. Let’s go.” Magkaakbay silang nagtungo sa kinaroroonan ng dalawang matanda.

Pumasok sila sa kuwarto na hindi nagpapahalata. Naabutan nilang magkayakap ang kanyang mga magulang. Hindi na nagulat si Hendrick sa nakita. Masyadong mahal ng mga ito ang isa't isa, kaya naiintindihan niya ang mga ito. Mahigit dalawampung taon nang kasal ang mag-asawa, pero kung titingnan ay parang kahapon lang ikinasal ang mga ito sa sobrang sweetness sa isa't isa. The old man shared a kiss with his wife before looking at them.

“Mga anak,” anito bago ibinuka ang mga braso hudyat para palapitin sila.

“Hello there, love birds,” Hendrick teased. The couple in front of them looked so happy.

“Serene...” Sinalubong sila ng ginang na si Mrs. Pearlie Madrid. “I’m glad to see you again. Well, masyado kang busy sa pagmomodelo mo, kaya hindi ka mahila ni Hendrick dito.” Ngumiti ito bago hinalikan sa pisngi ang dalaga. “Come. Dito kayo, Hijo. The night’s still young and we’ve got lots of catching up to do. Maraming ikukuwento si Serene.” Hinila sila nito sa isang sofa. Tumabi ito sa asawa sa kabilang couch.

“So, kumusta na kayo? When will be the wedding?” excited na tanong ng ama.

“Pa, huwag mong madaliin ang mga bata,” saway ng ina niya.

“Anong huwag madaliin? The sooner the better. Hindi na tayo bumabata. Saka gusto ko nang magkaroon ng mga apo. Naiinggit ako sa mga amigo ko na meron na,” turan nito.

Naghihintay ang mag-asawa sa itutugon nila. “Tito, darating din naman po tayo diyan, eh. Tama po si Tita, hindi po dapat magmadali. Don’t worry, when we get married, bibigyan po namin kayo ng maraming apo,” ani Serene. Ramdam ng binata na hindi ito komportable sa usaping kasalan.

“Hmm... no. Papa is right. Bakit pa natin patatagalin ang kasal kung doon din naman ang tungo natin, hindi ba?” Tumingin siya sa nobya at napangiti. Ito na ang chance niya to persuade her to marry him. With the help of his parents, of course. Napamulagat ito sa kanya.

“Hendrick.” She gave him a warning look. Lumawak pang lalo ang ngiti niya. Ngisi iyon kung tutuusin.

“Sabagay. You’ve been together for more than a year now. Bakit hindi niyo na nga planuhin ang kasal niyo?” ayon ni Pearlie Madrid. “Gusto ko na

ding magkaapo. Saka nitong huling mga araw ay nararamdaman ko na ang senyales ng pagtanda ko kaya dapat magmadali na kayo,” the old woman continued.

Hindi niya alam kung matatawa siya o madidismaya sa hitsura ng katipan. Hindi nito alam kung ano ang sasabihin. Bumuka ang bibig nito pero walang salitang lumabas mula rito. “H-Hendrick,” bulong nito.

He could hear panic in her voice. “Sige po, Papa, Mama, aayusin namin ang kasal sa lalong madaling panahon. Right, Baby?” Tumingin siya sa dalaga.

“H-ha? H-Hendrick, napag-usapan na natin ito dati, di ba? Besides, hindi—”

“May problema ba, Hija? Ayaw mo bang magpakasal sa anak ko?” takang tanong ng ginang.

Namula ang babae, sunod-sunod na umiling ito. “No, I mean, yes. Pero, Tita—”

“Ganoon naman pala, Hija. Hendrick, you better start preparing your wedding. Sapat na siguro ang isang buwan para maayos ang lahat. Tamang-tama para pagbalik namin mula sa honeymoon namin ng papa ninyo ay kasal n’yo na,” anang matandang babae bago masuyong tumingin sa asawa.

“Ako na po ang bahala sa lahat. Mamadaliin ko ang pag-aayos para makasal na kami ng mahal ko.” Hinawakan niya ang nanlalamig na mga kamay ng kasintahan. “Mahirap na, baka maagaw pa siya ng iba,” he tried to quip. Tumawa ang mga magulang maliban kay Serene na nahuli niyang umirap sa kanya at sigurado siya kung ano ang ibig sabihin ng tingin na iyon: ‘You. Are. So. Dead!’

Nagpatuloy pa ng ilang sandali ang usapan tungkol sa kasal nila ng nobya bago nalipat sa ibang bagay ang topic. Parang wala si Serene doon dahil hindi man lang ito nagsalita. Kung sumagot man ay napakatipid.

“Tita, aalis na po ako,” paalam ng dalaga. Tumayo ito mula sa pagkakaupo sa tabi niya.

“Why don’t you stay here for the night, Hija? Ipapahanda ko ang pink guest room para sa iyo. Masyado nang gabi para magbiyahe ka,” suhestyon ng ginang.

“Mama is right, Baby,” sang-ayon niya.

“Huwag na po,” anito na hindi man lang siya tinapunan ng tingin. “Maaga pa po ako bukas. I have to be in Tagaytay early tomorrow for a photo shoot. Baka po hindi ako makaabot sa oras kung

manggagaling pa ako dito,” patuloy nito.

“Is that so? Sige, Hija.”

“Don’t worry, Mama. Ihahatid ko na lang po siya. Sa condo unit na lang ako matutulog ngayong gabi.” Hindi papipigil ang nobya kaya ihahatid na lamang niya ito.

Ilang sandali pa ay tinutunton na nila ang madilim na kalsada. Tahimik lamang si Serene. Sinubukan niyang kausapin ang babae pero hindi ito sumagot. Alam niyang galit ito sa kanya.

“Baby, I’m sorry—”

“For what? Na alam mong hindi pa ako handang magpakasal, pero ginatungan mo ang kagustuhan ng mga magulang mo? Is that what you are sorry about?” Annoyance was in her tone.

“Look, hindi ko naman gustong humantong sa ganoon. I’m desperate to have you as my wife. I’ve wanted us to get married, pero ayaw mo pa. Hindi ko alam kung paano ka mapapapayag. Mama opened it up and it hit me. Baka kapag sila na ang kumausap sa iyo ay pumayag ka.”

“Dahil alam mong hindi ako makakahindi. Hendrick, I’m going to marry you... soon. Hindi pa

ngayon ang time. Marami pang p'wedeng mangyari sa career ko, sa career mo," sagot nito.

Inihinto niya ang sasakyan sa tabi ng kalsada. "Is that it? Ayaw mo pang magpakasal sa akin dahil sa career mo? Iyon ba ang dahilan?" may hinanakit na tanong niya. Hindi siya tumingin sa katabi. Lagi na lang ba siyang pangalawa sa trabaho nito?

"Hendrick..." tawag nito sa kanya ng hindi niya ito tiningnan.

"Do you love me?" derechang tanong niya.

"Yes, Hendrick. But that is *not* the point. I'm twenty-four and you are twenty-six. We're still young so why in a hurry to settle? Besides, nasa tuktok na ako ng career ko. I don't want to waste it. Ikaw naman, you have businesses to run. Are you getting my point?"

Silence filled the air and it was beginning to unnerve them. Hindi siya sumagot. Basta nakatingin lang siya sa labas. Pinaandar niya muli ang kotse at hindi na ulit nagsalita hanggang sa umabot sila sa condo ng babae.

"Are you mad at me?" tanong nito.

"No," aniya.

“Walk me to my door,” she requested.

Umibis siya ng kotse at pinagbuksan ito. Tahimik sila hanggang sa makasakay ng elevator. No one spoke a word until they got to Serene’s condo unit.

Nakapamulsa ang mga kamay niya sa pantalon. “I’ll go ahead.” Tumalikod na siya at narinig niyang nagpakawala ito ng buntong-hininga.

“Okay, fine. Let’s get married,” anito. Mahina lang iyon pero hindi nakaligtas sa matalas na pandinig niya. Tumigil siya sa paglalakad.

“You sure?” tanong niya kahit hindi naman iyon ang gusto niyang gawin. What he wanted to do was jump and shout his heart out. Masayang-masaya siya.

“Kapag hindi ka pa humarap diyan, babawiin ko ang sinabi ko,” banta nito. Mabilis pa sa alas kuwatro na humarap at lumapit siya rito. He gave her a heart-stopping kiss on the lips. Ibinuhos niya doon ang pagmamahal na nararamdaman niya. “I love you. I love you so much, Baby.”

She laughed quietly. “I know. And I love you, too.” Pagkasabi niyon ay magkahinang ang mga labi nilang pumasok sa loob.

They ended up in her room. Magkalapat pa rin

ang mga labi nila.

“Oh God! I don’t know what to do first!” paos na bulong niya habang gumagapang ang kanyang mga labi sa makinis nitong leeg at sa exposed nitong balikat.

She giggled. “Why? Gaano ba katindi ang epekto ko sa ‘yo?”

“Don’t be such a tease, Babe. I want to do it slowly this time. Baka hindi ako makapagtimpi and I’ll take you right now,” banta niya.

“Hmm...”

Sabay na naglakbay ang mga kamay nilang dalawa sa katawan ng isa’t isa. Kanina pa nahulog ang black silk dress nito sa sahog. Now all she was wearing were her undies. Maingat niya itong inihiga sa waterbed na nasa gitna ng silid nito.

“Baby...” she whispered before kissing him.

“Hmm... I really love it when you call me ‘Baby’. It always turns me on,” he said between kisses. Umabot ang halik niya sa dibdib nito. He kissed them both before touching them and rubbing the now erect buds. He sucked on her nipples, flicked it repeatedly with his tongue. Her body quivered as he felt a scorching

sensation throughout his body.

He trailed kisses down her neck, to her flat tummy, and down to her center.

“H-Hendrick...”

He kissed her there. Mas lalo pa itong napaungol nang maglaro ang mga labi at dila niya roon. Her breathing was coming in short raspy breaths. She shivered and her head rolled back. Pinagapang niya ulit ang mga labi paakyat hanggang sa magkasalikop na muli ang mga labi nila.

They ended the foreplay and reached the point of no return.

Nagkapalit sila ng puwesto, pumaibabaw si Serene sa kanya. He grabbed her hips and guided his hard rock manhood inside her wetness. Their bodies danced in a rhythm that only them could hear. Their eyes were locked as she moved on top of him. Pareho silang humihingal dahil sa mga sensasyong hatid ng bawat galaw nila.

He grabbed her waist before shifting his hips and flipping her on the bed. Hindi na niya kaya. He pushed her gently and she opened her legs for him. He thrust himself deep inside her and began to move again. One more assault and they melted in each

Back To You - Anya Madrid

other as they felt a heap of sated bliss.

“You are really making me crazy, Baby,” hinihinal na usal ni Hendrick. He kissed her fully on the lips one more time before resting himself beside her. Magkayakap silang nakatulog na may ngiti sa mga labi...

3

Tunog ng alarm clock ang gumising kay Serene. Inabot niya ito para patayin. Tinitigan niya ang nobyong mahimbing pang natutulog sa kanyang tabi. Hinalikan muna niya ito sa pisngi bago tiningnan ang oras; alas siete ng umaga. Napabalikwas siya nang bangon.

“Oh my, I’m late!” aniya. She headed straight to the bathroom and took a quick shower. Gising na si Hendrick paglabas niya.

“Good morning, Baby,” bati nito.

“Morning.” Tinungo niya ang walk-in cabinet at naghanap ng maisusuot. “I’m sorry, Baby. I’d really want to cook you breakfast but I don’t have time. Mali-late ako sa photo shoot.” Tapos na siyang maglagay ng light makeup nang humarap siya rito. Nakasandal ang likod nito sa headboard. Nakalapat sa mga labi nito ang makatunaw-tuhod na ngiti. “Ah, don’t you smile at me like that,” reklamo niya.

“What?” Ngumisi ito.

Sumampa siya sa kama at dinaganaan ito. “I want to spend the day with you, but I really can’t. I

love you.” Hinalikan niya ito sa labi bago umalis sa higaan. “Aalis na ako. I’ll just see you later.” Iniwan na niya ito dahil baka magbago pa ang isip niya at magkulong na lang sa kuwarto kasama nito.

Everything was going well. May mga nakakatulong sila sa pag-aayos ng kasal, kaya hindi masyadong nakakapagod.

“Baby, is it okay with you if we let Leandro take charge of the reception details? Sa restaurant na lang daw niya iyong reception. Regalo daw niya sa atin,” ani Hendrick. Nandoon sila sa condo unit ni Serene.

“That’s so sweet of him. Yes, of course,” tugon niya.

Ilang detalye pa ang pinag-usapan nila bago tumayo ang binata para maghanda ng merienda. “I’ll get you a drink.” Humalik ito sa labi niya bago nagtungo sa kusina.

“Thanks,” nakangiting sabi niya.

Wala na ito nang tumunog ang cellphone niya. Si Cathy ang tumatawag; ito ang manager at kaibigan niyang bading.

“Hello,” she greeted the caller.

“Hello, Sweetheart,” masayang sagot nito sa kabilang linya.

“You woke up on the right side of the bed, eh?” she teased.

“Loka! Naku, Serene, Sweetheart! May magandang balita ako sa iyo!” Halos hindi ito magkandatuto sa pagsasalita.

“Hey, take it easy. What is it?” Excited din siyang malaman kung ano ang good news na dala ng kaibigan.

“Nagbunga na ang paghihirap natin. This is it.”

“Anong ‘this is it’? Derechuhin mo na nga,” aniya.

“Sweetheart, I received a call this morning from *IMG Models* in New York and guess what?” sigaw ng bakla sa linya.

“Oh, my God! Don’t tell me—”

“Yes, Sweetheart. They want you to do a project with them. Ito na ito. This is your break, our break,” masayang pahayag nito.

“I can’t believe it! So, ano’ng gagawin natin?”

“Ako na ang bahala, Sweetheart. Itatawag ko sa ‘yo lahat ang detalye. Basta maghanda ka na lang.

By next week, dapat nasa New York na tayo kaya be prepared. Sige na, I have to go. I'll call you later." Ibinaba na ng kausap ang telepono.

Hindi pa rin makapaniwala si Serene sa balitang narinig. *Oh my!* Nakapaskil pa rin ang malawak na ngiti sa mga labi niya nang bumalik si Hendrick.

Napayakap siya rito dahil sa saya. She even gave him a long kiss. "Babe, I'm so happy!"

"Mukhang may magandang balita sa iyo, ah," hula nito.

"Yes! Cathy called. May ibinalita siya sa akin. He said something about a modeling company in New York. The agency wants me to sign a contract with them!"

Unti-unting nabura ang ngiti niya nang mapansing wala itong katinag-tinag. Hindi rin ito ngumingiti.

"A-aren't you happy for me? This is my big break. I've been waiting for this." Sinubukan niya ulit na ngumiti.

Bumitaw sa kanya ang nobyo. "Paano ang kasal?"

"H-Hendrick, matutuloy pa rin naman ang kasal. But we have to postpone it." She was having a hard time explaining to him their situation. "Babe, matagal

ko nang hinihintay ito.”

Seryoso ang mukha nito, nakatiim ang mga labi.

“Then when will the wedding be?” Hindi siya sigurado kung may galit o hinampo ang tono na ginamit nito.

“Hendrick, Baby, please give me two more years and I promise, magpapakasal na tayo after that.”

“Two years,” mahinang ulit nito. “I can’t believe this! I really can’t believe you.” He moved a step away from her. His action sent her heart up her throat. “Ganoon lang kadali sa iyo ang i-postpone ang kasal natin? You want to set off the wedding because of your damned career?”

Napaatras siya. Kinakabahan siya sa reaksyon nito. “H-Hendrick, try to understand—”

“Iyon na lang ba lagi ang gagawin ko, Serene? Ang intindihin ka? Paano naman ako? Bakit hindi *ikaw* ang umintindi sa akin ngayon?” Nag-iigtingan ang mga litid nito sa leeg. Galit na talaga ito.

“Please, listen to me...”

“Fine. Kung iyan ang gusto mo, wala akong magagawa. Hindi ko naman puwedeng ipilit ang gusto ko dahil kailangan kitang intindihin palagi, di

ba? Besides, hindi ako puwedeng magpakasal mag-isa.” Naisuklay nito ang mga kamay sa buhok nito bago naglakas patungo sa pinto.

“Wait,” pahabol niyang tawag dito.

He paused but did not face her. “Don’t, Serene. I don’t want to hear anything from you. No more promises, please. Let’s leave it this way. Hayaan na muna nating ganito. You do your thing. Unahin mo ang career mo. Bumalik ka na lang sa akin kapag sawa ka na sa pagmomodelo at kung handa ka na talagang pakasal sa akin. Sana lang, kapag dumating ang panahong iyon, ’andito pa ako at naghihintay sa ’yo.” His tone was cold and flat. He then walked out her door, pati yata sa buhay niya.

“Hendrick...” Nanghihina siya. Hindi niya alam ang iisipin at ang gagawin. *What should I do?* Naiyak siya sa sitwasyon niya ngayon. She was torn between her career and the man she truly loved.

“C-Cathy...” Paos na boses ang lumabas sa lalamunan ni Serene nang sagutin ng manager ang kanyang tawag.

“Hey, what’s wrong? Umiiyak ka ba? Are you all right?” concerned na tanong nito.

“No.” Napaiyak na siya nang tuluyan. “I’m not fine.”

“Where are you? Pupuntahan kita.”

“Ako na lang ang pupunta sa bahay mo.”

“Sigurado ka? O sige, hindi na ako lalabas ng bahay. Hihintayin na lang kita. Mag-taxi ka na lang papunta dito. Baka maaksidente ka pa pag nag-drive ka,” suhestyon nito.

“Okay. I’ll see you.” Ibinaba na niya ang telepono. It took her five minutes to collect herself before going to Cathy’s place.

Ilang minuto lang ang lumipas at natagpuan niya ang sarili sa living room ng kaibigan. Nakaupo siya sa couch habang katapat si Cathy.

“Ano’ng problema?”

“Nag-away kami ni Hendrick. I told him about the project and he got angry. Galit siya kasi pakiramdam niya mas mahalaga ang career ko kesa sa kanya. I tried to explain. Sinabi ko na kailangan naming i-postpone iyong kasal,” humihikbing kuwento niya.

“At hindi niya naintindihan iyon?”

Umiling siya. “No, and I can’t blame him. This is

the second time that I turned him down.”

“I’m sorry. Hindi ko naisip na ikakasal ka na nga pala,” paumanhin nito. “Tinanggap ko na lang agad iyong project na hindi ko muna kinokonsulta sa ’yo. I’m really sorry. I got so excited kaya hindi na ako nagdalawang-isip.”

“Hindi ko alam ang gagawin ko. I’ve been waiting for this moment for so long. Alam mo iyan.”

“I know,” nakakaintinding tugon nito.

“I’m confused. I don’t know what to do. My mind is telling me to go on with the project, but my heart says the other thing. I don’t want to lose Hendrick, but I don’t want this opportunity to pass, too,” nahihirapang saad niya. She took a long sigh.

“Ano ba’ng sabi ni Hendrick? Pinapili ka ba niya between him and your job?”

“Not exactly. Pero pumayag siya na i-postpone na muna namin iyong kasal at maghintay ng dalawang taon.”

“Iyon naman pala, eh. Ano’ng problema mo?”

“Sana lang daw ’andito pa siya pagdating ng panahon na handa na akong magpakasal sa kanya,” malungkot na dugtong niya.

Napangiwi ang kaibigan. Hindi nagsalita ang sinuman sa kanila nang ilang segundo. Nag-iisip siguro ito ng maipapayo.

“Hindi pa naman nagkakaipirmahan ng kontrata. Verbal agreement pa lang kaya p’wede pa nating iurong—”

“No, you don’t have to do that. Alam kong matagal mo na ring hinihintay ang pagkakataon na ito, Cathy. I’ll take it,” may pinalidad na sagot niya.

“Are you sure? Kapag ginawa natin ito, baka si Hendrick ang mawala sa ’yo,” babala ng kaharap.

“I know,” halos pabulong na tugon niya. “But he loves me. Alam kong maghihintay siya sa akin.” She tried to smile. Hindi niya alam kung ang kaibigan lang ba ang kinukumbinsi niya o pati ang sarili.

“Okay. Tatawagan ko ang agency. You have to prepare your things then.”

“Yeah. Salamat, Cathy.”

“Don’t mention it. Hala, sige na. Tama na ito, baka bahain tayo ng luha, loka.”

She made a decision and that was to take the contract. Kailangan lang niyang kausapin nang masinsinan si Hendrick and everything would be fine.

Dalawang araw pa ang pinalipas niya bago siya nagkaroon ng lakas ng loob na kausapin ang nobyo. She punched in Hendrick's number. Tatawagan na lang muna niya ito para yayain itong mag-dinner. Hinintay niya na sumagot ang nasa kabilang linya. Ilang ulit na nag-ring ang linya bago may sumagot.

“Hello,” anang boses-babae.

Hindi siya nakapagsalita kaagad dahil sa pagkabigla. *Babae ang sumagot...*

“Hello? Who's this?” muling tanong ng nasa kabilang linya.

Tumikhim muna siya pero bago pa man siya nakapagsalita ay narinig na niya ang boses ni Hendrick sa background. “Who's that?” tanong nito.

“I don't know. Ayaw magsalita, eh.”

“Ibaba mo na iyan. Pakiayos naman ito,” narinig niyang sabi ng lalaki.

“Okay!” Iyon lang at naputol na ang linya.

She even heard the woman laugh before the line went dead. She held the phone for seconds. *What was that? What's a woman doing in Hendrick's place at this time of the night?*

Tumingala siya at nakita niyang mag-a-alas nueve na ng gabi. Isang bahagi ng isip niya ang nagsasabing baka may milagrong ginagawa ang dalawa. Ipinilig niya ang ulo para palisin ang namumuong duda. Hindi dapat siya magpadalus-dalos. Pero parang may libu-libong karayom na tumutusok sa puso niya. Dinudunggol ng kaba ang kalooban na gumayak siya para puntahan si Hendrick.

Narinig niya ang bell ng elevator at bumukas iyon. Nasa ikasampung palapag na siya ng building na iyon kung saan naroroon ang condo unit ni Hendrick. Lalabas na sana siya sa elevator nang matigilan siya. She was taken aback by what she saw. A couple walked out from Hendrick's unit. Nagtatawanan ang dalawa habang isinasara ng lalaki ang pinto. Patuloy ang huntahan ng mga ito habang patungo sa elevator door kung saan siya naroon. Mabuti na lang at hindi pa siya lumalabas doon, kaya nang mapatingin ang nobyo sa banda niya ay hindi na siya nakita dahil naisara na niya ang lift.

“Hey, wait!” narinig pa niyang sigaw nito.

Wala siyang mailuha nang bumababa na ang elevator. Walang emosyon na bumalatay sa mukha niya. Pagkabukas na pagkabukas ng elevator sa

parking area ay kaagad siyang lumabas at tumakbo sa kinaroroonan ng sasakyan niya.

Hindi niya alam kung bakit hindi pa niya pinaandar ang kotse. Hinintay niya ang mga ito na makasakay sa pulang *BMW* ng nobyo. Sa kabila ng kalagayan niya ngayon, nagawa pa niyang sipatin ang babaeng kasama nito. She was a very attractive woman. Maybe over 5'8" tall. Like a model. She had long black hair curled in perfect waves. Alam niyang gustong-gusto ni Hendrick ang ganoong buhok.

Masokista nga siguro siya dahil naisipan pa niyang sundan ang dalawa. Humantong sila sa harapan ng isang kilalang restaurant. Umibis ang mga ito sa sasakyan at naglakad papasok. Nagtatawanan pa rin ang mga ito hanggang sa makaupo na sa isang bahagi ng restaurant na malapit sa salaming dingding, kaya kitang-kita niya mula sa kinapaparadahan ng kotse ang pagtataksil ng lalaking mahal niya.

Puno ng hinanakit na tinitigan niya ang dalawang taong walang kamalay-malay sa presence niya. Nanginginig ang mga daliring kinuha niya ang telepono sa bag. May tinawagan siya. Nakita niyang hinugot ni Hendrick ang cellphone nito sa bulsa ng pantalon.

“Hendrick...” Halos hindi lumabas ang mga

katagang iyon sa bibig ni Serene.

“I’m sorry. I can’t talk right now. I’m busy,” sagot nito.

Pinilit niyang magsalita kahit gustung-gusto na niyang magalit at murahin ang mga ito. “Ah, I... I’m just wondering if you’d like to get a late dinner with me tonight? Where are you?” she said, placing one hand on the steering wheel and gripping it hard. Doon niya ibinuhos ang galit na nararamdaman.

“Nasa condo. Hindi ako p’wede ngayon, may importante akong gagawin,” walang buhay nitong sagot.

Hindi niya makita ang reaksiyon ng lalaki dahil nakatalikod ito sa kinaroroonan niya. Kinagat niya ang pang-ibabang labi para pigilan ang hikbing nagkukumawala sa lalamunan bago siya nagsalita ulit.

“How about tomorrow?”

“I’ve got prior appointments to attend to. I can’t meet up with you until the day after tomorrow,” he answered before the woman he was with held his hand and squeezed it. “I’ve got to go. May aasikasuhin pa akong papeles. Kailangan ang mga ito bukas sa meeting with the board of directors.” Hindi na nito

Back To You - Anya Madrid

hinintay ang pagtugon niya at tinapos na ang tawag.

Napabuga siya ng hangin dahil sa sakit na rumagasa sa dibdib niya. Hindi siya makahinga dahil sa pagpipigil ng iyak at sa sama ng loob. Bago pa siya nakapag-isip ay mabilis na siyang umibis ng kotse at nagmartsa sa direksyon ng dalawa.

“So, ito na pala ang condo mo ngayon,” bungad niya sa magkapareha at inilapag ang bitbit na cellphone sa table ng mga ito. “Would you mind if I join you two?” sarkastiko niyang tanong.